
2

# MTB-MLE

## Ikalawang Markahan – Modyul 1: Pagkilala at Paggamit ng Panghalip Panao at Panghalip na Paari



CO_Q2_MTB-MLE 2_ Module 1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Mother Tongue-Based – Multilingual Education – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 1: Pagkilala at Paggamit ng Panghalip na Panao at Paari**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Josephine B. Cargamento, Nerissa B. Lising |
| **Editor:** | Arnold S. Galvez, Roselyn T. Salum, Mark G. Asuncion, Cherry Lou O. Calison, Marie Ann C. Ligsay |
| **Tagasuri:** | Beverly T. Mangulabnan, Marie Ann C. Ligsay, |
| **Tagaguhit:** | Erickson Urmatan |
| **Tagalapat:** | Josephine B. Cargamento, Nerissa B. Lising |
| **Tagapamahala:** | Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor Nuesca, Jayne M. Garcia, Beverly T. Mangulabnan, Eleanor A. Manibog |

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng ______________________**

**Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**

Office Address: Matalino St., Diosdado Macapagal Government Center,
Maimpis, City of San Fernando (P)
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# MTB-MLE

## Ikalawang Markahan – Modyul 1:
## Pagkilala at Paggamit ng Panghalip Panao at Panghalip na Paari

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



# *Alamin*

Ang modyul na ito ay inilimbag upang malinang ang iyong kasanayan sa pagkilala at paggamit panghalip panao at panghalip na paari-akin, iyo, at kaniya. Gayundin ay higit na mapaunlad ang kakayahan sa pagsulat at pagbasa.

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:

1. makikilala at magagamit ang panghalip panao at panghalip na paari; at
2. makasulat ng talata gamit ang panghalip panao at panghalip na paari.

MT2C-IIa-i-2.2



# *Subukin*

**I. Panuto**: Piliin at isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Si Julia ay isang mabuting bata. Anong panghalip panao ang gagamitin mo bilang kapalit ng salitang may salungguhit?
   A. Ako
   B. Ikaw
   C. Kayo
   D. Siya

2. Ang **cellphone** sa mesa ay kay Amber. Anong panghalip panao ang ipapalit sa salitang may salungguhit?
   A. akin
   B. atin
   C. ikaw
   D. kaniya
3. Si Alex ay masipag mag-aral kaya naman marami siyang gantimpalang naiuuwi. Anong panghalip panao ang kapalit sa ngalan ni Alex?
   A. Ako
   B. Ikaw
   C. Sila
   D. Siya
4. Ang kapitan ng barangay ay patuloy na nag-iikot upang magbigay ayuda sa kaniyang nasasakupan. Ibigay ang tamang panghalip panao para sa salitang may salungguhit.
   A. Ikaw
   B. Kanila
   C. Sila
   D. Siya
5. Ibinoluntaryo ng isang guro ang sarili bilang *frontliner*. Anong panghalip panao ang puwedeng ipalit sa salitang guro?
   A. kanila
   B. nila
   C. niya
   D. siya

**II. Panuto**: Piliin ang angkop na panghalip sa sumusunod na pangungusap. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. "Maganda ba ang sapatos ko? Bigay ito sa ________ ng aking nanay.
   A. akin
   B. atin
   C. kaniya
   D. iyo
2. "Anton, ________ ang lapis na naiwan kahapon sa silid-aralan. Nakasulat doon ang pangalan mo."
   A. akin
   B. atin
   C. inyo
   D. iyo
3. "Ang husay umawit ni Anna." ________ ang pinakamagandang boses sa nasabing paligsahan.
   A. Inyo
   B. Kanila
   C. Kaniya
   D. Amin
4. "Jacob, _____ ba ang mga aklat na ito?"
   A. akin
   B. kaniya
   C. inyo
   D. iyo
5. Si Ada ay may hawak na bulaklak. Ibinigay iyon sa ________ ni Lola Maria.
   a. akin
   b. amin
   c. kanila
   d. kaniya

| Aralin 1 | Pagkilala at Paggamit ng Panghalip Panao |
|---|---|

# Aralin 1: Pagkilala at Paggamit ng Panghalip Panao

Ang panghalip ay salitang humahalili o pamalit sa ngalan o pangngalan na nagamit sa parehong pangungusap o kasunod na pangungusap. Ang salitang panghalip ay nangangahulugang “panghalili o pamalit”.

## Balikan

**Panuto:** Lagyan ng tsek (✓) kung wasto ang pagkakadaglat ng salitang may salungguhit at ekis naman (X) kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

______ 1. Si Doct. Reyes ang gumamot sa aking nanay.

______ 2. Si Bb. Santos ang ay isang guro.

______ 3. Mabait at matulungin si Gob. Juan Sanchez.

______ 4. Pupunta kami kay Kapt. Lopez para humingi ng tulong.

______ 5. Magaling magbalita si Gng. Cruz.

## Tuklasin


### Ang Panghalip Panao

Ang panghalip panao ay ginagamit na pamalit sa ngalan ng tao.

| Panauhan ng Panghalip na Panao | Kailanan ng Panghalip na Panao | |
|---|---|---|
| | Isahan | Maramihan |
| Unang Panauhan | ako, ko, akin | kami, tayo, namin, natin, amin, atin |
| Pangalawang Panauhan | ikaw, ka, mo, iyo | kayo, ninyo, inyo |
| Pangatlong Panauhan | siya, niya, kanya | sila, nila, kanila |



Ako- Kapag ang tinutukoy ng taong nagsasalita ay kaniyang sarili





Ikaw - Kapag ang tinutukoy ng taong nagsasalita ay ang isang tao na kaniyang kausap



Siya - Kapag ang tinutukoy ay ang isang tao na pinag-uusapan



Kami - Kapag ang tinutukoy ng nagsasalita ay dalawa o higit pa kasama ang kaniyang sarili



Kayo - Kapag tinutukoy ng nagsasalita ay dalawa o higit pang kausap



Sila – Kapag tinutukoy ay dalawa o higit pang tao na pinag-uusapan



Tayo - Kapag tinutukoy ay dalawa o higit pang taong kausap kasama ang taong nagsasalita

Nagagamit natin ng wasto ang panghalip panao sa pangungusap.

## *Suriin*

**Panuto:** Kompletuhin ang pangungusap. Piliin ang angkop na panghalip panao sa loob ng kahon. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.



| | | |
|---|---|---|
| siya | kanila | tayo |
| ako | Ikaw | akin |


1. Binigay ni itay sa _______ ang basket na puno ng gulay.
2. Tinawag _______ ni itay sa labas ng bahay.
3. Dumating _______ galing sa bukid.
4. _______ ba inay ang magluluto ng mga gulay?
5. Sa _______ ko daw ibibigay ang mga gulay.

## *Pagyamanin*


### Gawain I


**Panuto:** Anong panghalip panao ang tinutukoy sa larawan? Sundan ang kahon sa ibaba para sa iyong sagot. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. 




2. 

3. 

4. 

5. 

## Gawain 2

**Panuto:** Gumuhit ng larawan sa kahon. Sumulat ng pangungusap ayon sa larawan na iginuhit mo gamit ang panghalip panao. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1.

________________________

2.

________________________

## Gawain 3

**Panuto:** Piliin ang mga panghalip panao at panghalip paari na ginamit sa pangungusap. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Si Ana ay isang mabait na bata. Siya ay tumutulong sa mga gawaing bahay.
   A. bata
   B. gawaing bahay
   C. mabait
   D. Siya

2. Ikaw at ako ay tunay na magkaibigan.
   A. Ikaw at ako
   B. magkaibigan
   C. na
   D. tunay

3. Kayo ay mahilig sa kulay asul na damit.
   A. damit
   B. Kayo
   C. kulay
   D. mahilig

4. Ikaw ba ay tumutulong sa mga gawaing bahay?
   A. Ikaw
   B. Sa
   C. Sila
   D. Tayo

5. Si Hana at Hansel ay magkapatid. Sila ay masunuring bata sa kanilang mga magulang.
   A. Ako
   B. Si
   C. Sila
   D. Siya

## Malayang Pagtatasa 1

**Panuto:** Magbigay ng tatlong gawain na nagpapakita ng pagiging masunuring bata. Gamitin ito sa pangungusap na may simulang Ako, Ikaw at Siya. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. ________________________________________
2. ________________________________________
3. ________________________________________



## *Isaisip*

Ang panghalip panao ay ipinapalit sa ngalan ng tao. Ang ikaw, ako, tayo, sila, siya, kami at kayo ay mga halimbawa ng panghalip panao.

Sa kuwentong "Ako si Pinang" ay nakalakip ang pagiging masunuring bata. Ito ay isang magandang kaugaliang Pilipino na dapat ipagpatuloy upang malayo sa kapahamakan.

## Isagawa

**Panuto:** Piliin ang panghalip panao ayon sa gamit nito. Isulat letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

**A**

1. Ikaw _____.



2. Tayo _____.




3. Ako _____.




4. Sila _____.




5. Kayo _____.



6. Kami _____.



7. Siya _____.



**B**

a. Kapag ang tinutukoy ng taong nagsasalita

b. Kapag ang tinutukoy ng taong nagsasalita ay ang isang tao na kaniyang kausap

c. Kapag ang tinutukoy ay ang isang tao na pinag-uusapan

d. Kapag ang tinutukoy ng nagsasalita ay dalawa o higit pa kasama ang kanyang sarili

e. Kapag tinutukoy ng nagsasalita ay dalawa o higit pang kausap

f. Kapag tinutukoy ay dalawa o higit pang tao na pinag-uusapan

g. Kapag tinutukoy ay dalawa o higit pa na tao na pinag-uusapan

h. Kapag tinutukoy ay dalawa o higit pa na taong kausap kasama ang taong nagsasalita

## *Tayahin*

**Panuto:** Isulat sa sagutang papel ang panghalip panao na ginamit sa pangungusap.

1. Daniel, ikaw ang ilalaban sa pagbigkas ng tula.
2. Kami ang inatasang mamuno sa klase habang wala ang ating guro.
3. Si Annica ay mabait na bata. Siya ay matulungin.
4. Pupunta sila sa palengke para bumili ng paninda.
5. Kayo ang hahanap ng kakanta mamaya.

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Bumuo ng pangungusap mula sa larawan gamit ang panghalip panao. Isulat ang sagot sa sagutang papel.


1. ______________________________


2. ______________________________


3. ______________________________

# Aralin 2 Pagkilala at Paggamit ng Panghalip na Paari

Ang panghalip na paari ay ginagamit sa pagpapahyag ng pag-aari o pag-aangkin. Ang mga salitang akin, iyo, at kaniya, ay tinatawag na panghalip na paari.



## *Balikan*

**Panuto:** Isulat sa sagutang papel ang panghalip panao na ginamit sa pangungusap.

1. Romeo, ikaw ang maghuhugas ng mga plato.
2. Kami ay nakikinig ng balita patungkol sa lumalaganap na sakit.
3. Si Rosa ang mabait kong ate. Siya rin ay mabait.
4. Pupunta sana sila sa kabilang bayan, subalit walang dumaraan na masasakyan.
5. Kayo ay mag-aral ng mabuti.

## *Tuklasin*

Mahalaga ang paggamit ng panghalip na paari sa pagpapahayag ng pag-aari o pag-angkin. Ang mga salitang akin, iyo, at kaniya ay tinatawag na panghalip na paari

**Akin** – ito ay ginagamit kapag nagpapahayag ng pag-aari o pag-angkin ang taong nagsasalita.

**Iyo** – ito ay ginagamit kapag ang bagay ay pag-aari ng taong kinakausap.

**Kaniya** – ito ay ginagamit kapag ang bagay ay pag-aari ng taong pinag-uusapan.

Basahin ang mga halimbawa ng mga pangungusap na ginagamitan ng mga panghalip na paari.

1. Ang lapis na naiwan sa upuan ay **akin**.
2. Sa **iyo** ba ang bisikletang nasa labas ng bahay?
3. **Kaniya** ang damit na ito.

## *Suriin*

**Panuto:** Piliin ang sagot sa loob ng kahon. Isulat sa sagutang papel ang panghalip na paari na angkop sa mga larawan. Bumuo ng pangungusap mula rito.

| | | |
|---|---|---|
| akin | iyo | kaniya |

1. 

Batang nag-aabot ng bulaklak

________________________________

________________________________

________________________________

2. 

Batang sinasabi ang pagsasauli ng hiniram na aklat

________________________________

________________________________

________________________________

3. 

Ang isang bata ay may hawak na aklat.

________________________________

________________________________

________________________________

## *Pagyamanin*

### Gawain 1

**Panuto:** Basahin ang mga pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang mga Panghalip na Paari na ginamit sa bawat pangungusap.

1. Kuya Bino, sa iyo ba ang sapatos na nasa kuwarto?
2. Ibinigay sa akin ang aklat na ito.
3. Sa kaniya ang mga prutas na naiwan sa hardin.

### Gawain 2

**Panuto:** Sumulat ng pangungusap gamit ang mga sumusunod na Panghalip na Paari. Isulat ito sa sagutang papel.

1. Akin - ______________________________
2. Iyo - ______________________________
3. Kaniya - ______________________________

### Gawain 3

**Panuto:** Basahin ang kuwento. Isulat sa sagutang papel ang wastong panghalip na paari na angkop sa bawat pangungusap upang mabuo ang maikling kuwento.

#### Sa Kusina ni Aling Iska

Isang araw, sa may kusina abala ang mag-inang Iska at Ana sa pag-aayos ng mga gulay at prutas na kanilang napitas sa kanilang hardin.

“Nanay, (akin, mo) po ba itong isang hinog na mangga?” tanong ni Ana. “Oo anak, sa (iyo, akin) nga iyan,” sagot ng kanyang nanay. Maraming salamat po. Ito pong bayabas, maaari ko po ba itong ibigay kay ate? “Oo, sa (kaniya, iyo) nga iyan,” tugon ni Aling Iska. “Tiyak na masustansiya at sariwa po ang mga prutas na ito, inay,” muling tugon ni Ana.

## Gawain 4

**Panuto:** Bumuo ng mga pangungusap na angkop sa mga larawan gamit ang mga Panghalip na Paari. Isulat ito sa sagutang papel.

1. 

Batang may hawak na  bulalak

______________________________________
______________________________________
______________________________________

2. 

Sa tatlong bata, sa batang babae iniabot ng lalaki ang hawak nito.

______________________________________
______________________________________
______________________________________

3. 

Batang nag-aabot ng regalo

______________________________________
______________________________________
______________________________________

## Isaisip

- Ang panghalip na paari ay ginagamit sa pagpapahayag ng pag-aari o pag-aangkin.
- Ang mga salitang akin, iyo, at kaniya ay tinatawag na panghalip na paari.

## Isagawa

**Panuto:** Basahin ang dayalogo. Piliin ang sagot sa mga panghalip na paari tulad ng **iyo, kaniya** at **iyo**. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Araw ng Linggo, nagsimba ang mag-anak ni Mang Ambo. Pagkatapos ng misa sila ay dumaan sa isang kainan malapit sa simbahan. Narito ang kanilang usapan.

Nanay: Mga anak, mamili na kayo kung ano ang ibig ninyong kainin.

Ate Ema: “Opo inay, sa ________ po ay pansit. Paborito ko po ito.”

Nanay: “Sige. Dino, _________ naman ang **spaghetti** alam kong magugustuhan mo ito.”

Kuya Dino: “Opo inay.” Sabay tingin kay bunso na noon ay naiwan sa lamesa kasama ni Mang Ambo at nagwikang, “Sa ________ naman ay sopas dahil paborito niya ang may sabaw.”

Nanay: “O sige mga anak, umupo na kayo doon.”

Masaya nilang pinagsaluhan ang napiling pagkain.



# *Tayahin*

**Panuto:** Piliin ang wastong panghalip na paari sa loob ng kahon upang mabuo ang bawat pangungusap. Gawin ito sa sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| akin | iyo | kaniya |

1. "Julia, _____ ba ang mga aklat na ito?"
2. "Ibinigay sa _____ ni Marie ang bulaklak dahil alam niyang paborito ko ito"
3. "Ang galing talagang gumuhit ni Lito. ________ ang pinakamagandang pinta na nakalagay sa opisina ng aming punong guro."
4. "Jay, _____ ba ang bolang naiwan sa palaruan? Nakasulat doon ang iyong pangalan."
5. "Maganda ba ng suot kong blusa? Regalo ito sa _____ ni Ninang Elsa.

# *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Sumulat ng isang talata na binubuo ng dalawa o higit pang pangungusap gamit ang mga panghalip na panao at panghalip na paari na iyong natutunan. Isulat ito sa iyong sagutang papel sa paraang kabit-kabit.

__________________________________________________________

__________________________________________________________

__________________________________________________________

______________________________________.



# Susi sa Pagwawasto

## Aralin 1

| Karagdagang Gawain | Tayain | Isagawa Mo | Pagyamanin | Subukin |
|---|---|---|---|---|
| Ang sagot ay depende kung paano unawain ng mga bata ang larawan. | 1. ikaw<br>2. kami<br>3. siya<br>4. sila<br>5. kayo | 1. ako.<br>2. ikaw<br>3. Siya<br>4. kami<br>5. kayo<br>6. sila<br>7. tayo | **Gawain 1**<br>1. tayo<br>2. Sila<br>3. Kami<br>4. Ikaw<br>5. Ako<br>**Gawain 2**<br>Depende sa larawang ginuhit ng bata<br>**Gawain 3**<br>1.D<br>2. A<br>3.B<br>4. A<br>5.. C | I. 1. D<br>2. D<br>3. D<br>4. D<br>5. C<br>II. 1. A<br>2. D<br>3. C<br>4. D<br>5. D<br>**Balikan**<br>1. X<br>2. /<br>3. /<br>4. X<br>5. /<br>**Suriin**<br>1. Akin<br>2. Ako<br>3. Siya<br>4. tayo<br>5. Kanila |

## Aralin 2

| Isagawa | Pagyamanin | Pagyamanin (Gawain 1) | Suriin | balikan |
|---|---|---|---|---|
| 1. akin<br>2. iyo<br>3. kaniya<br>Tayahin<br>1.iyo<br>2. akin<br>3. kaniya<br>4. iyo<br>5. akin | Gawain 3<br>1. akin<br>2. iyo<br>3. kaniya<br>Gawain 4<br>Depende sa mabuong pangungusap ng bata. | 1. iyo<br>2. akin<br>3. kaniya<br>Gawain 2<br>Depende sa mabuong pangungusap ng bata. | 1. Sa iyo ang bulaklak.<br>2. Kaniya ang aklat.<br>3. Sa akin ang aklat<br>Maaring may kargdagang pang salita ang pangungusa p | 1. ikaw<br>2. kami<br>3. siya<br>4. sila<br>5. kayo |

# *Sanggunian*


Department of Education. 2020. "Most Essential Learning | Search Results | Department of Education". Deped.Gov.Ph. Acessed date July 31, 2020 https://www.deped. gov.ph/?s=most +essential+learning.

DepEd Order No 30, s. 2019. 2020. The Department of Education Manual of Style. Ebook. Pasig City: Public Affairs Service-Publications Division Department of Education Central Office. Accessed July 10, 2020. https://www.deped.gov. ph/wp-content/uploads/2019/10/DO_s2019_030-2.pdf.

Updates, News, Teaching Materials, Reading Articles, and Be Contributor, 2020. Most Essential Learning Competencies (MELC) KG to Grade 12 SY 2020-2021.Deped Click. Date accessed July 14, 2020. https://www.deped-click.com/2020/05/most-essential-learning-competencies.html

Urbien-Salvatus, Grace, Arit-Soner, Babylen, Casao-Santos, Nida and Pesigan-Tiñana, Rianne. 2013. Kagamitan ng Mag-aaral Mother Tongue-Based Multilingual Education 2. Pasig City. DepEd

Urbien-Salvatus, Grace, Arit-Soner, Babylen, Casao-Santos, Nida and Pesigan-Tiñana, Rianne. 2013. Patnubay ng Guro ng Mother Tongue-Based Multilingual Education 2. Pasig City. DepEd

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph